

ABSTRACT

Markado at Militante

The Significant and Militant Participation of Working Class Women in Two Struggles in Manila: 1906 and 1934

The paper posits that the invisibility of working class women in history is not only a function of method particularly the emphasis on historical documents as the primary source of historiography. The lack of a gendered focus and perspective is the more crucial reason for the invisibility of working class women in both historical writings on the Philippine worker's movement and the women's movement during the American colonial period.

A study of newspaper sources in 1906 and 1934 unearthed the significant participation of working class women in Manila in asserting their economic and democratic rights through militant mass actions.

The 1906 struggle of the women vendors of Divisoria against a city hall ordinance increasing stall rentals in the market involved street marches, indoor fora, meetings with government officials including the American governor-general.

The 1934 general workers' strike from August 15 to October 1 involved more than 11,000 workers. The strike which started with the demand for the return of wages to 1930 rates was noteworthy not only for its duration and its militancy but also for the marked participation of women tobacco workers. A mainstream broadsheet at that time noted that many of the women workers did not have sufficient food to eat but they were in the forefront of the struggle. (The Tribune, September 12, 1934, p. 8)

A woman union leader, Narcisa Paguibitan, had a significant role in the general strike. She was a well applauded speaker in workers' meetings and was one of ten representatives of the workers who met with Governor General Frank Murphy in Malacañang on September 12, 1934. In the aftermath of the killings of four striking workers on September 18, 1934, Narcisa Paguibitan's mother, two brothers and a sister and two sisters-in-law were arrested and charged with sedition. Narcisa herself would be arrested and charged with being one of the leaders of the general strike. Her distinct participation in the general strike and her earlier role as one of the leaders of the Pambansang Liga ng Kababaihan formed in April 1932 would eventually lead to her election as one of two women members (the other was Cleotilde Braganza from Iloilo) of the Central Committee of the Communist Party of the Philippines in the Third Congress of the party in October 1938.

MARKADO AT MILITANTE

Ang Partisipasyon ng Kababaihang Anak-Pawis sa Dalawang Pakikibaka sa Maynila: 1906 at 1934

Judy M. Taguiwalo

Introduksyon

*M*ay mabibigat na limitasyon sa pagpapalitaw sa papel ng kababaihang anak-pawis sa kasaysayan. Ang kadalasang pokus ng pinag-aaralan ng kasaysayan ay ang pampublikong larangan na sa karaniwang hatian ng gawain batay sa kasarian ay larangan ng kalalakhian, habang ang kababaihan ay nakakahon sa larangan ng tahanan at pamilya. Dagdag pa, ang karaniwang perspektibang ginagamit ay perspektibang hindi isinasaalang-alang ang kasarian bilang mahalagang konsiderasyon sa pag-aaral sa kasaysayan.

Ang mga limitasyong bunga ng pokus at perspektiba ay lalong pinatitibay ng metodo sa pag-aaral. Ang karaniwang metodong pangkasaysayan ay ang pag-aaral sa mga nakasulat sa rekord ng pangyayari. Kadalasa'y nakabatay ang mga ito sa mga rekord ng pamahalaan o mga sinulat ng mga nakapag-aral. Sa ganitong metodo karaniwang hindi lilitaw ang boses ng mga uring wala o halos walang pinag-aralan dahil hindi sila nagkaroon ng pagkakataong isulat ang kanilang mga naging karanasan; kabilang sa mga ito ang kababaihang anak-pawis. Kaya lalong hindi nakikita o naririnig ang kababaihang maralita sa mga salaysay kaugnay ng mga pangyayaring pampulitika.

Pero sa aking karanasan, mas mapagpasya ang limitasyong bunga ng pokus at perspektiba sa kakulangan nang nagpapalitaw sa papel ng anak-pawis, partikular ng kababaihang anak-pawis sa pagsusulat ng ating kasaysayan. Kahit sa tradisyunal na metodong pangkasaysayan na nakabatay sa mga nakasulat sa primaryang batis, maaring mapalitaw ang papel ng kababaihang anak-pawis. Ang kailangan lamang ay ang paggamit ng mga lenteng makauri at makababae.

Dalawang pakikibaka sa Maynila na mabubuo mula sa pagsuyod sa mga dyaryo noong panahon ng kolonyal na paghahari ng US ang muling nagpapatunay na aktibo ang kababaihan sa paggigiit sa kanilang mga interes pang-ekonomiya sa anyo ng militante at sama-samang pagkilos. Pinasisinungalingan ng mga pagkilos na ito ang karaniwang pagtingin na ang pakikibaka para sa karapatang bumoto ang naging pangunahing katangian ng pakikibaka ng kababaihan sa panahong naturan sa isang banda, at kalalakihan lamang ang nakikibaka para sa mga isyung pang-ekonomiya na binandila ng kilusang paggawa, sa kabilang banda.

Ang mga pagkilos na ito ay ang pag-aaklas ng mga tindera ng Divisoria noong 1906 at ang partisipasyon ng kababaihan sa pangkalahatang welga sa Maynila noong Agosto – Setyembre 1934. Sa dalawang pagkilos, kabahagi ang kababaihan sa mga martsa, sa pakipagharap sa matataas na opisyal ng pamahalaan at sa pagliban sa trabaho o pagwelga. Markado at militante ang katangian ng kanilang partisipasyon.

I. Ang Pag-aaklas ng mga Tindera ng Divisoria

Malaking bilang ng mga kababaihan sa Maynila ang nasa kategoryang tindera/manininda ("merchants") noong sensus ng 1903: 3,453 ikumpara sa 2,732 na lalaki o halos 56% ng 6,185 na mga kayumanggi. (Sa Sensus ng 1903, ang paghahanay sa mga kabilang sa isang linya ng gawain ay ayon sa kulay: brown, mixed, yellow, white. Kinunsedara ko lamang ang nakahanay sa "brown".)

Noong 1906, kumilos ang mga tindera sa Divisoria laban sa plano ng pamahalaan ng Maynila na magpataw ng dagdag na singil sa mga pwesto sa tindahan. Iba't ibang tipo ng pagkilos ang ginawa ng mga tindera para labanan ang patakarang ito. Dumulog sila sa tanggapan ng dyaryong "Muling Pagsilang" para ipaabot ang kanilang mga plano. Nagmartsa sila tungo sa tanggapan ng pamahalaan at nakipagharap sa matataas na opisyal, kabilang na ang gobernador heneral, at nagliban sa pagtitinda para ipakita ang kanilang maring pagtutol.

Hinarap ng "maraming babayi" (Muling Pagsilang, Agosto 7, 1906) ang gobernador heneral na Taft noong Agosto 6, 1906. Nagsalita ang isang G. Luciana de la Rosa tungkol sa kanilang pagtutol sa bagong patakarang magdaragdag ng singil sa kanilang pwesto. Sa halip na bigyan ng kongkretong tugon ang kahilingan, sinabihan ni Taft ang mga tindera na magharap ng sulat na magdedetalye sa kanilang karaingan.

Posibleng dahil sa kawalan ng aksyon mula sa pamahalaan, pumunta ang ilang mga tindera sa tanggapan ng dyaryong "Muling Pagsilang" noong Agosto 18 para ibalitang walang magtitinda sa Divisoria sa araw na iyon bilang protesta. Tinutulan nila ang mataas na singil ng munisipyo at ang balitang ipagbibili ang pwestong kanilang kasalukuyang kinalalagan. Anila'y hindi nila kayang makipagkompetensya sa malalaki ang puhunan. (Muling Pagsilang, Agosto 18, 1906)

Nagkaroon ng epekto ang naturang pagkilos ng mga tindera. Noong Agosto 20, pinulong ng gobernador heneral ang isang nagngangalang Velasco, miyembro ng Junta Municipal ng Maynila at siyang pasimuno sa planong pagtaas ng taripa at inatasan nitong pulungin ang mga "tinderang nag-aklas" para ipaliwanag sa kanila ang mga batayan ng plano ng munisipyo. (Muling Pagsilang, Agosto 21, 1906)

Kaagad na idinaos ang pulong sa pagitan ni Velasco at mga tindera sa sumunod na araw, Agosto 21. Ayon kay Velasco, isusubasta ang mga pwesto sa Divisoria na di palaging matao habang hindi na isusubasta ang pwestong inookupahan ng mga tindera. Gayunpaman, kailangang magbayad ang mga tindera ayon sa bagong taripa: dalawang sentimos bawa't talampakang parisukat sa Divisoria at isang sentimo naman para sa pamilihan sa Kinta dahil mas matumal ang bentahan doon. Sinalubong ang pahayag ni Velasco nang mga sigawan na "Puera ang subasta! Puera ang subasta" at "Ayaw kami! Ayaw kami!" sa planong isusubasta ang mga pwestong bolante. Mga sigaw namang "Welga, welga, mabuhay ang welga" ang kanilang sagot sa planong itataas ang singil sa kanilang mga puwesto. (Muling Pagsilang, Agosto 22, 1906)

Ang mahigpit na paglaban ng mga tindera sa mga plano ng Junta Municipal na pagtaas ng taripa ay dahil sa mangangahulugan ito ng pagtaas ng mahigit sa 100% sa kanilang kasalukuyang inuupahang puwesto. Ayon sa isang tindera, tataas ang singil sa kanyang puwesto mula 30 sentimos tungo 65 sentimos kapag ipatutupad ang bagong taripa. Ang kompromisong iniharap ni Velasco ay hindi katanggap-tanggap dahil ang pwestong bolante ay kakaunti lamang at kinalalagan ng mga "maggugulay, magpapanigang at ilan sa mga mag-iisda" habang apektado ang marami-raming di bolante laluna ang mga "magkakayo at magkakarne". (Muling Pagsilang, Agosto 22 at 27, 1906)

Isa pang pulong ang idinaos noong Agosto 27 sa pagitan ng mga "nagtitinda ng karne, isda, damit, gulay, suelas, tabako, palayok at iba pa"

at ng mga kagawad ng Junta Municipal at ang mga Amerikanong sina Mr. Hord na nangangasiwa ng Rentas Internas, Mr. Cromwell na asesor at kolektor ng palengke at si Mr. McKenzie. Ayon sa mga taga-Divisoria, si Velasco lamang ang may gusto sa bagong taripa. Sinangayunan ni Felix M. Roxas, ang Alcalde sa Junta Municipal, ang posisyon ni Pedro Paterno, tumayong abogado ng mga tintera, na hindi napapanahon ang pagtaas ng singil at sa halip sa Enero 1907 na itataas ang taripa. Ang mapagkompromisong kasunduang ito nina Roxas at Paterno ay sinalubong ng mga sigaw na "Ayaw, ayaw kami. Ibig namin ang dating taripa" mula sa mga tintera. (Muling Pagsilang, Agosto 26, 1906)

Mga tatlong buwan ring humupa ang isyu. Pero noong Disyembre 10, 1907, muling pumutok ang protesta ng mga tintera ng Divisoria, malamang dahil sa napipintong pagpapatupad ng bagong singil. Tumungo ang "lahat halos" ng mga nagtitinda kay Gobernador Heneral James Smith, na pumalit kay Taft noong Setyembre 1906, para muling ihayag ang kanilang pagtutol sa "singil na di makakaya ng mga tinderang may maliliit lamang na puhunan". Hindi hinarap ng gobernador heneral ang mga kababaihan at sa halip ipinaabot sa mga tintera ng kanyang sekretaryo na magbuo sila ng komiteng harapar sa kanya. (Muling Pagsilang, Disyembre 11, 1906)

Noong Disyembre 21, pagkatapos magtipon sa Dulaang Rizal, nagmartsa ang mga "babaye't lalaki" patungo sa Ayuntamiento para iharap ang kanilang kahilingan, isang "salaysay na nilagdaan ng 3,000 pangalan". May dala ang nagmartsa ng dalawang "cartel" sa Tagalog at Kastila na naghihingi na maalis ang bagong taripa sa Mercado sa Divisoria". Pagdating sa Ayuntamiento, si Dr. Jose Lukban, ang tumayong tagapagsalita ng mga nagtitinda at "ilang babayi't lalaki", ay umakyat sa opisina ng gobernador at humarap sa kanya sa pulong na tumagal ng isang oras. Binuo ng gobernador heneral ang isang komite para siyasin ang hinaing ng mga taga-Divisoria at magpaabot ng kanilang desisyon sa Enero 15, 1907. Nang ipinaliwanag ni Lukban sa mga nag-aantay na mga tintera ang resulta ng pulong sa gobernador heneral, "dalawang babayi ang pumakli at nagsabing di rin makasisiyang loob sa lahat ang gayong sinapit". Walang nasabi si Lukban. (Muling Pagsilang, Disyembre 22, 1906)

Walang karagdagang balita ukol sa naging kahinatnan ng protesta ng mga taga-Divisoria noong sumunod na taon. Pero may sapat na impormasyon sa sunud-sunod na ulat ng Muling Pagsilang noong 1906 para maiguhit ang ipinamalas ng mga tintera na kahandaang kumilos ng

sama-sama at ang katapangang makiharap sa mataas na opisyal ng pamahalaan para ipaglaban ang kanilang kahilingan. Bagama't may mga lalaking maykaya, sina Pedro Paterno at Justo Lukban, na tumayong tagapagsalita ng mga tindera sa iba't ibang panahon ng pakikibaka, naging mapagkompromiso ang kanilang tindig habang malinaw ang pagiging desidido at pурсigido ang pagtutol ng kababaihang tindera sa plano ng pamahalaan.

II. ANG MILITANTENG PARTISIPASYON NG KABABAIHAN SA PANGKALAHATANG WELGA SA MAYNILA NOONG 1934

Makasaysayan ang welgang inilunsad ng mga manggagawa sa mga pagawaan ng tabako at sigarilyo sa Maynila noong Agosto 15 hanggang Oktubre 1, 1934. Umabot ng isa't kalahating buwan ang welga at lumahok ang hindi kukulangin sa 11,000 manggagawa. Apat na manggagawa ang namatay sa welga at marami ang nasugatan at hinuli. Matingkad ang militansya at determinasyong ipinakita ng mga manggagawa sa pangkalahatang welga. Bagama't may pagtatalakay si Kerkvliet ukol sa welgang ito at binigyang diin ni Doeppers ang matingkad na partisipasyon ng mga kababaihan sa welga, ibabahagi ko sa pagtatalakay na ito ang kabuuang takbo ng welga mula sa pag-aaral sa mga dyaryo ng panahong iyon. Palalawigin ng aking pagtatalakay ang naging papel ng kababaihan sa welgang ito.

Ang Umpisa ng Pagkalahatang Welga

Noong Agosto 11, 1934, nagsumite ang unyon ng La Alhambra sa pamumuno nina Pedro Sevilla at Moises Wenceslao ng kahilingang ibalik ang sahod ng mga manggagawa sa dating halaga nito noong 1930. Hindi sumang-ayon ang maneydsment ng pabrika at inutusan ni Timmerman, ang manedyer ng La Alhambra, na paalisin sa pabrika si Wenceslao. Nang tumutol ang huli, ipinaaresto siya ng manedyer. (The Tribune, August 17, 1934)

Isang libong manggagawa ang nag-walk out sa La Alhambra noong Agosto 15, 1934. Sa sumunod na araw, umanib na ang 3,000 manggagawa mula sa La Insular, La Helena, Minerva at La Yebana. Sumama rin ang 200 manggagawa ng O'Rocca Candy Factory. (The Tribune, August 17, 1934) Kalahati sa mga nag-walk out na mga manggagawa ay kababaihan. (Baguisa: 187)

Hiniling ng mga manggagawa ang:

- Pagbabalik sa dating halaga ng sahod sa antas noong 1930 bago pumalo ang *depression*
- Pagbabalik sa mga pinatalsik na mga manggagawa bunga ng pagmamalabis ng mga maestro
- Pagbabalik sa mga manggagawang inalis sa trabaho bunga ng pagkakasakit
- Limitadong oras ng paggawa mula alas syete ng umaga hanggang alas dose ng tanghali at mula ala una hanggang alas singko ng hapon (The Tribune, August 17, 1934)

Ang Militansya ng mga Manggagawa

Bagama't ilang beses na nakabandera sa mga dyaryo kasing-aga pa man ng Agosto 18 ang umano'y panghihina ng welga at ang napipintong pagbabalik ng mga manggagawa, Oktubre 1 lamang natapos ang welga pagkaraan ng libing ng mga manggagawang pinaslang noong Setyembre 17, 1934.

Dinamiko ang ginawang welga. Nagdaos ng mga pulong-masa sa kani-kanilang mga asosasyon at pederasyon. Naglunsad ng martsa sa iba pang mga pabrika para kumbinsihin ang mga kapwa manggagawa. Pinuntahan ng mga manggagawa ng Alhambra ang sangay ng pagawaan sa Polo, Bulacan. Ang mga manggagawa ng La Helena sa Navotas at Cainta ay umanib rin sa welga. Bukod sa mga manggagawa sa pagawaan ng tabako at sigarilyo, nagwelga rin ang 270 na manggagawa ng Cristobal Oil Mill at 70 manggagawa ng Lauritzen Embroidery Firm. (The Tribune, August 22, 1934)

Nagdaos din ng mga pulong-masa ang mga manggagawa sa iba't ibang plaza ng Maynila. Ang pulong sa Plaza Padilla noong Agosto 22 ay dinaluhan ng 6,000 manggagawa na nanatili sa plaza mula alas seis hanggang hatinggabi sa gitna ng patuloy na pag-ulan. (The Tribune, August 23, 1934)

Palatandaan din ng determinasyon ng mga manggagawa ang pagiging pursigido sa kanilang pagkilos sa harap ng panggigipit ng pulis at konstabularya, ang pagwasak sa kanilang mga piket at ang pang-aaresto sa mga welgista.

Sa mga naunang araw pa lamang ng welga, nagmobilisa na ang kolonyal na pamahalaan ng lakas militar at pulis. Isang detatsment ng konstabularya na may dalang "mounted machine guns" ang itinalaga sa pagawaan ng La Insular. (The Tribune, August 17, 1934) Kagyat ding nagpulong ang Kalihim ng Interyor Teofilo Sison, ang Kalihim ng Paggawa Ramon Torres at ang Hepe ng Pulisya, Columbus Platt. Kanilang pinagpasyahang idoble ang bilang ng mga nakatalagang pulis sa Katubusan, O'Racca at dagdagan ang bilang ng mga nakatalaga sa La Insular, Tabacalera, Flor de la Isabela, La Helena, at iba pa. (The Tribune, August 18, 1934). Lahat ng mga vacation leaves ng mga pulis ay kinansela noong Agosto 20, 1934.

Inaresto ng PC ang 73 sa mga manggagawang tumungo sa Polo, Bulacan noong Agosto 18 dahil sa umano'y hindi pagbabayad ng pasahe sa dalawang bus ng Pambusco. Nakalaya lamang ang mga inaresto pagkatapos mag-ambagan ang iba pang manggagawa ng halaga ng pasahe. (The Tribune, August 19, 1934) Walumpung manggagawa naman, kabilang ang 26 na kababaihan, ang inaresto ng mga gwardyang pulis habang nagpipiket sa Grandeza Cigar Factory sa Reina Regente noong Agosto 20. (The Tribune, August 21, 1934) Ang isang lider-manggagawa na si Eugenio Arogante ay inaresto pagkatapos "i-disperse" ng mga pulis ang mga 700 manggagawa sa Muelle de Industria noong Agosto 21. (The Tribune, August 22, 1934)

Hinigpitan rin ang pagbibigay ng mga *permits* para sa mga pagkilos ng welgista. Hindi natuloy ang planong piket ng mga manggagawa sa Philippine Manufacturing Co., sa La Grandeza at La Dicha bunga nito. (The Tribune, August 23, 1934) Sapilitan ding tinigil ng mga pulis ang pagtitipon ng isang libong welgista sa Pritil, Tondo noong Setyembre 4 ng gabi. (The Tribune, September 5, 1934)

Ang Negosasyon sa Manila Tobacco Association

Sa halip na sagutin ang kahilingan ng mga manggagawa, paghiling ng proteksyon ng pulis at konstabularya ang naging kagyat na reaksyon ng mga may-ari ng pagawaan ng tabako at sigarilyo, partikular na ang mga taga-La Yebana, La Helena, El Orienta at La Insular. (The Tribune, August 17, 1934)

Noong Agosto 21, nagpulong ang mga kagawad ng Manila Tobacco Association (MTA) at ipinahayag nito ang hindi pakikialam sa welga.

Ayon sa kanila, hindi naman mayorya ang kalahok sa welga at marami sa mga pagawaang sangkot sa welga ay hindi naman kasapi ng MTA. Mariin din nilang binatikos ang paglahok ng mga kilalang komunista, tulad ni Pedro Ocampo, bilang opisyal na kinatawan ng mga manggagawa. (The Tribune, August 23, 1934) Binale-wala ni Manuel V. Gallego, Pangulo ng MTA, ang mga kahilingan ng mga welgista at sinabing lulutasin ang problema sa antas ng mga indibidwal na pabrika. (Free Press, August 25, 1934, p. 34) Para sa MTA, imposible ang pagtaas ng sahod bunga ng malaking pagbaba ng presyo ng tabako at mga produkto nito sa lokal at pandaigdigang pamilihan. Anila, ang pinakamainam ay babaan ng pamahalaan ang mga buwis na ipinapatong sa tabako. (The Tribune, August 23, 1934)

Sa harap ng patuloy na pagmamatigas ng MTA, nagpalabas ang mga manggagawa ng mga kwenta para idiin ang pagiging makatarungan ng kanilang kahilingan sa pagtataas ng sahod.

Ayon sa Union Tabaqueros de Filipinas (UTF), ang kita ng nakararaming manggagawa (85%) ay mula 40 sentimos hanggang 60 sentimos lamang habang ang nalalabing 15% ay kumikita ng 60 hanggang 90 sentimos. Naghapag ang unyon ng tanyang gastusin ng isang pamilyang may limang myembro: (The Tribune, August 24, 1934)

GASTUSIN	MINIMUM	MAKSIMUM
Agahan	Php .05	Php .20
Pananghalian	.30	.35
Hapunan	.20	.25
Ilaw	.03	.05
Pangkatong	.04	.10
Samu't Sari	.15	.15
Kabuuang Gastos	Php .95	Php 1.18

Nagpalabas din ang Katipunan ng Anak-Pawis at Kaisahan ng mga Manggagawa sa Tabako ng kanilang kwenta sa minimum at maksimum na gastos ng pamilyang binubuo ng lima katao. (The Tribune, August 28, 1934)

GASTUSIN	MINIMUM	MAKSIMUM
Agahan	Php .15	Php .20
Pananghalian	.30	.35
Hapunan	.20	.25
Ilaw	.03	.05
Pangatong	.07	.12
Upa sa bahay	.10	.15
Samu't Sari	.15	.15
Kabuuang Gastos	Php 1.00	Php 1.27

Idiniin ng mga manggagawa na hindi pa kasama sa mga kwenta ang mga gastos para sa edukasyon, gamit pambahay, medikal at libangan.

Pagkatapos ng pakikipagpulong sa Kagawaran ng Paggawa noong Setyembre 1, ipinahayag ng Pangulo ng MTA ang pagtataas ng sahod ng mga manggagawa mula 5% hanggang 10%. Limang porsyentong pagtaas sa sahod para sa mga manggagawa ng tabakong ibinebenta ng Php50 hanggang Php100 bawa't libo at 10% naman para sa mga manggagawa ng tabakong ibinebenta ng sobra sa Php100 bawa't libo. (Herald, September 1, 1934) at Free Press, September 8, 1934: 28)

Hindi tinanggap ng mga welgista ang inihapag ng MTA. Para sa mga manggagawa, ang panukalang pagtaas ay paborable lamang sa maliit na bilang ng manggagawa ng tabako para sa lokal na pamilihan at hindi magbabago ang sahod ng maraming manggagawa ng "londres", isang tipo ng mumurahing tabako para sa pamilihing U.S. (Free Press, September 8, 1934:28) Patuloy na iginiit nila ang orihinal na kahilingang dapat ibalik sa antas ng mga sahod noong 1930 ang bayad sa mga manggagawa at ibalik ang lahat ng mga manggagawang pinatalsik bunga ng welga. (Herald, September 6, 1934)

Sama-Samang Paghingi ng Suporta Mula sa mga Personahe at Ahensya ng Pamahalaan

Bilang tugon sa tindig ng MTA noong Setyembre 1 na nagbibigay ng limitadong pagtaas sa sahod, tumulak ang 3,000 manggagawa, kabilang na ang maraming kababaihan, patungo sa Ayuntamiento bago magtanghai noong Setyembre 3. Bagama't tinangkang harangan ng mga pulis, naigiit ng mga welgista ang pagpasok sa Ayuntamiento. Hinarap sila ng apat na opisyal ng departamento at natransporma ang Ayuntamiento sa isang malaking pulong sa pagitan ng mga welgista at mga opisyal ng pamahalaan.

Sa petisyong kanilang isinumite at pinirmahan nina Pedro Castro, Pedro Ocampo, Narcisa Paguibitan at Martin Berberin, muling iniharap ng mga welgista ang kahilingan para sa pagtaas ng sahod at ang pagbabawal sa pag-upa ng mga scabs. (Herald, September 3, 1934) Pagkagalang sa Ayuntamiento, tumuloy ang mga manggagawa sa Kongreso kung saan nakipagpulong kay Quintin Paredes, ispiker ng Mababang Kapulungan, ang isang delegasyon ng pitong manggagawa, kabilang ang dalawang babae. (TheTribune, September 4, 1934)

Nagkaroon ng kasunduan sa pagitan ng mga welgistang kabilang sa Union de Tabaqueros at Tabaqueros Unidos, sa Kalihim ng Paggawa at sa MTA noong Setyembre 7. (The Tribune, September 8, 1934, Herald, September 8, 1934)

Ang mga welgistang kabilang sa Katipunan ng Anak-Pawis ay nagdaos ng pulong sa Botanical Gardens noong Setyembre 10. Dito pinagtibay nila ang kapasyahang ituloy ang welga, hindi tanggapin ang plano ng Kagawaran ng Paggawa at patuloy na igiit ang mga kahilingang inihapag sa MTA. (Herald, September 10, 1934)

Nagkaroon din ng delegasyon ang mga welgista para ihapag ang kanilang mga kahilingan kay Frank Murphy, ang Gobernador Heneral. Noong Setyembre 10, limang kinatawan ng mga 500 "manggagawang babae at lalaki" ang nakipag-usap kay Murphy sa Malacañang. Iniharap nina Moises Wenceslao at Dolores del Rosario ng Alhambra at Fidel Constantino ng Tabacalera ang dalawang petisyon ng mga manggagawa. Ang una ay ang "reprimand" at kagyat na pagpapaaalis kay Captain Manuel Argonza, precinct commander sa istasyon ng pulis sa Luneta, at pagpapalaya sa anim na nakakulong na mga welgista. Humingi rin sila ng tulong para makamit ang hinihinging pagtaas ng sahod. (The Tribune, September 11, 1934)

Isa pang pulong ang ginanap sa Malacañang noong umaga ng Setyembre 12. Kabilang si Narcisa Paguibitan sa mga lider manggagawa na nakipagpulong kay Murphy. Kasama niya sina Moises Wenceslao (na siyang tumayong pangunahing tagapagsalita ng mga manggagawa), Juan Sarile, Fidel Constantino, Manuel Joven, Pedro Ocampo, Ricardo Marquez, Eligio Santos at Eleuterio Cruz. Binuo ni Murphy ang isang "fact-finding board" para siyasatin ang mga kahilingan ng mga manggagawa sa pagawaan ng tabako at sigarilyo. Ninombrahan sina Miguel Unson bilang Tagapangulo, sina Dr. Herminio Velarde, Mrs. Sofia de Veyra, Pangulo ng UP

Jorge Bocobo, Dean Conrado Benitez at Fr. Henry Avery ng Ateneo bilang mga kagawad. (TheTribune, September 13, 1934, Herald, September 12, 1934)

Sa unang pulong na idinaos ng "Fact-Finding Board" noong Setyembre 13 sa Ayuntamiento, muling iginiit ng mga manggagawa ang kahilingan para sa mas mataas na sahod. (Herald, September 14, 1934) Ipinagpatuloy ang pulong ng sumunod na araw kung saan "daan-daang manggagawa kabilang na ang maraming kababaihan" ang dumalo. (The Tribune, September 16, 1934)

Ang Masaker ng mga Manggagawa noong Setyembre 17, 1934

Nag-umpisa ang araw sa isang pulong ng mga 1,000 manggagawa sa Mehan Garden. Tumagal ito mula 8:00 ng umaga hanggang 2:30 ng hapon. Pagkatapos ng programa sa Mehan Garden, naghati ang mga welgista sa dalawang grupo. Ang isa ay nagmartsa patungong Ayala Bridge at ang isa nama'y patungong Sta. Cruz Bridge. Nagsalubong ang dalawa sa pabrika ng Minerva sa may Azcarraga para kumbinsihin ang mga 300 manggagawang bumalik na sa trabaho na ipagpatuloy pa rin ang welga. (Herald, September 18, 1934) Sa pakikipaggitigan ng mga welgistang manggagawa, nagpapatok ang mga pulis. "A concentrated volley was poured from the policemen's guns into the ranks of the strikers". (Free Press, September 22, 1934:40) Mga isang dosenang manggagawa ang natamaan. Isa ang kaagad namatay at tatlo ang malubhang sugatan na bagama't nadala sa Philippine General Hospital ay namatay din. Ang iba pang sugatan ay kinabibilangan ng dalawang babae. Dalawampu't tatlong welgista ang inaresto at kinasuhan ng sedisyon. Walang hinablang pulis. (Herald, September 18, 1934)

Bukod sa pang-aaresto sa tinuring na mga lider at paghahanap sa hindi pa nahuli, lalong hinigpitan ang mga manggagawa. Hindi binigyan ng Mayor ng Maynila, Thomas Earnshaw, ng permit para sa pulong masa ng mga manggagawang taga Alhambra, Tabacalera at mga manggagawa ng kahoy (lumberyards). (Herald, September 20, 1934)

Sa harap ng pandarahas at panggigipit sa mga manggagawa, hindi napasuko ang nakararami sa mga welgista. Apat na araw pagkatapos ng masaker sa Minerva, iniluat na 437 lamang ang bumalik sa trabaho habang patuloy na nakawelga ang 11,438 na manggagawa. (Herald, September 21, 1934)

Ang bulto ng mga manggagawang nananatiling nakawelga ay nagmula sa sumusunod na mga pagawaan:

Alhambra	2,300
Flor de la Isabela	2,020
La Helena (Central)	1,000
La Insular	871
Yebana	345
Oriente	300
Mertas	300
Minerva	300
Grandeza	250
Nobleza	250
Aguila	80
La Helena (Calle Magdalena)	62
La Conchita	62

Ipinagdalamhati rin ng mga manggagawa ang kanilang mga kasamahang pinaslang. Napilitan si Earnshaw na iutos ang paglipat sa mga bangkay ng apat na pinatay na manggagawa mula sa punerarya tungo sa morgue ng lungsod bunga ng pagbisita ng libu-libong manggagawa sa punerarya. (Herald, September 21, 1934) Ang libing ng apat na welgista noong Setyembre 30 ay dinaluhan ng daan-daang manggagawa na nagmartsa tungong North Cemetery. Bumalik lamang ang mga welgista sa trabaho noong Oktubre 1, isa't kalahating buwan pagkatapos nag-umpisa ang welga.

Isang taon pagkatapos ng pangkalahatang welga, nagtangkang magdaos ng memorial service ang Partido Sosyalista para sa mga pinatay ng manggagawa noong Setyembre 1934. Pero hindi sila pinahintulutan ng pamahalaang Maynila sa pamamagitan ng City Engineer na nagdeklara na umano'y "structurally unsafe" ang Manila Grand Opera House kung saan sana gagawin ang pagtitipon. (Graphic, September 22, 1935:56)

Ang Markado at Militanteng Partisipasyon ng Kababaihang Manggagawa sa Welga ng 1934

Hindi maitatwa ang militanteng paglahok ng kababaihan sa naganap na pangkalahatang welga sa Maynila noong 1934.

Sa unang linggo pa lamang ng welga, 26 na kababaihan ang kabilang sa 80 manggagawang inaresto ng mga pulis dahil sa umano'y "pwersahang pagpasok sa Grandeza Cigar Factory sa Reina Regente" noong Agosto 20. (The Tribune, August 31, 1934) Sila'y nakalaya sa harap ng kahilingan ng mga 3,000 manggagawa na nagmartsa at nagrali sa istasyon ng pulis sa Luneta kung saan sila dinala.

Kabilang din ang kababaihan sa mga 200 welgista na nagtipon sa labas ng Hale Manufacturing Co., tagagawa ng sapatos na Esco, para manawagan sa mga kapwa manggagawa na umanib sa welga. Sinasalamin ng pagpapaliwanag ng isang babaeng welgista, na mula umaga pa'y nakaabang na sa labas ng pagawaan, ang pangkabuhayang adhikain ng welga at ang kahalagahan ng pagkuha sa suporta ng ibang manggagawa. Aniya:

Kailangan naming makakuha ng suporta. Kaunti pa lamang kami. Kailangan ng suporta ng mas marami pang manggagawa na may simpatiya sa amin. Lumalaban kami para sa tahanan at pagkain. Hindi namin mababayaran ang aming upa. Hindi naman kami maaring matulog sa lupa kaya palipat-lipat kami para maikutan ang mga may-ari ng bahay. Ang aming kinakain ay hindi makasasapat. Ano ang aming magagawa? Kailangan naming mabuhay. (The Tribune, August 22, 1934:8, ang awtor ang nagsalin sa Filipino)

Ang determinasyon ng kababaihang welgista ay kinumpirma ng isang ulat ng mga opisyal ng Maynila na nag-ikot sa mga lugar ng welga para kapanayamin ang mga manggagawa. Ayon sa ulat, "Karamihan sa mga babaeng welgista ay hindi nagkakaroon ng sapat na makakain pero hindi sila nahuhuli sa pakikibaka." (The Tribune, September 12, 1934:8, ang awtor ang nagsalin sa Filipino)

Sa martsa-rali ng mga manggagawa sa Ayuntamiento sa Intramuros noong Setyembre 1 para iharap sa mga opisyal ng pamahalaan ang kanilang petisyon para sa mas mataas na sahod, maraming kababaihan ang kabahagi sa 3,000 manggagawang humiling na aksyunan ng pamahalaan ang kanilang mga kahilingan. (Herald, September 3, 1934: 1) Nasa unahan rin ang kababaihan sa paggigiit sa pagpasok sa gusali laban sa panghaharang ng mga pulis. Iniulat pa na ginamit ng kababaihan ang baong tubo (sugarcane) bilang sandata sa pakikipaggitigan sa pulis. (The Tribune, September 4, 1934:6)

Kabahagi rin ang kababaihan sa mga delegasyon ng mga lider-manggagawa na nakipagpulong kay Gobernador-Heneral Frank Murphy noong Setyembre 10 at Setyembre 12, 1934.

Si Narcisa Paguibitan, lider manggagawa

Litaw ang pangalang Narcisa Paguibitan sa mga ulat kaugnay ng welga noong 1934.



Siya ang tanging babae sa apat na lider manggagawa na nakapirma sa petisyong dinala ng mga 3,000 welgista sa mga opisyal ng pamahalaan sa Ayuntamiento noong Setyembre 2, 1934. Ang petisyon ay naglalaman sa kahilingan ng mga manggagawa na magkaroon na ng sagot ang Manila Tobacco Association ukol sa dagdag na sahod at pagbabawal sa pag-uupa ng mga eskinol. (Herald, September 3, 1934:1)

Kabilang si Narcisa sa delegasyon ng mga 10 lider-welgistang na nakipagpulong kay Gobernador-Heneral Frank Murphy sa Council of State Room ng Malacañang noong umaga ng Setyembre 12, 1934. (Tribune, September 13, 1934:1) Sa sumunod na araw, si Narcisa, kasama sina Pedro Castro, Pedro Ocampo, Moises Wenceslao at Fidel Tolentino, ay nangampanya sa hanay ng mga welgista para iboykot ang mga dyaryong nagpapalaganap ng mga maling balita tungkol sa welga. (Herald, September 13, 1934:15)

Kabilang si Narcisa sa demonstrasyon sa harap ng pagawaang Minerva noong Setyembre 18. Hindi siya kasama sa mga sugatan o kagyat na naaresto. Tumungo pa ito sa Philippine General Hospital at dinalaw

ang mga sugatang welgista at "nagbigay ng tagubilin hinggil sa pag-iingat sa kung ano ang sasabihin sa imbestigasyon." (TheTribune, September 26, 1934)

Kabilang ang kanyang pangalan sa 25 lider-manggagawang hinabla ng sedisyon bunga ng insidente sa Minerva. (Herald, September 19, 1934) Noong Setyembre 25, siya'y naaresto sa panulukan ng Azcarraga at Narra, hindi kalayuan sa pabrika ng Minerva. Tumanggi siyang magbigay ng impormasyon ukol sa kinaroroonan ng iba pang hinahanap na mga lider-manggagawa. (Herald, September 25, 1934:1 at The Tribune, September 26, 1934:3)

Nagmula sa pamilyang manggagawa sa mga pabrika ng tabako si Narcisa. Ang ina ay namamasukan sa La Helena kung saan manggagawa rin si Narcisa. Sa hulihang ginawa pagkatapos ng insidente noong Setyembre 18, 1934 sa harapan ng Minerva, kaagad nahuli ang magkakapatid na sina Emeteria, Placido at Hilario Paguibitan na mga manggagawa rin sa pagawaan ng tabako. Ikinulong din si Marta Manahan, asawa ni Placido at si Benedicta Zamora, asawa ni Hilario. (Herald, September 18, 1934) Si Genoveva Ardan, ang ina ng magkakapatid na Paguibitan ay kasama sa hinabla ng sedisyon. (Herald, September 19, 1934, p. 1) Kapwa nasugatan sa barilang nangyari sa Minerva ang dalawang kapatid na lalaki ni Narcisa, sina Hilario at Placido. Nasentensyahan ng apat na taon at siyam na buwan sina Hilario, Placido, Emeteria at Narcisa habang pinalaya naman ang inang si Genoveva at sina Marta at Benedicta. (Paguibitan: "Synopsis", walang petsa)

Kasapi ng Partido Komunista ng Pilipinas si Narcisa Paguibitan. Kasing-aga ng 1932, isa na siya sa mga pangunahing babaeng kasapi sa Partido. Isa siya sa mga lider ng Pambansang Liga ng Kababaihan na binuo noong Abril 1932 kasama ang kapatid na si Maria Paguibitan, ang manghahabing si Dominga de Leon, ang magkapatid na Elisa at Celeria Santos ng Niugan, Malabon at si Perpetua Viterbo, isang organisador ng mga magniniyog sa Sta. Cruz, Laguna. (Baguisa:164)

Sa Ikalawang Pambansang Kongreso ng PKP noong Marso 1934, si Narcisa ay isa sa mga "prominenteng kagawad ng pambansang istap" ng Partido. (Baguisa:182)

Hindi magtatapos ang partisipasyon ni Narcisa Paguibitan sa kilusang paggawa sa kanyang pagkaaresto't pagkakulong noong 1934. Sa Ikatlong Kongreso ng PKP noong Oktubre 1938, isa sa mga tagapagsalita si Narcisa sa pagbubukas ng Kongreso, nahalal na isa sa 18 kasapi ng "presidium", nagpreside sa Kongreso at nahalal na isa sa dalawang babaeng kagawad ng Komite Sentral, kasama si Cleotilde Braganza ng Iloilo. (Baguisa: 282, 283, 291) Sa eleksyon noong Nobyembre 11, 1941, naging kandidato para sa Senado si Narcisa sa tiket Frente Popular na pinangunahan ni Pedro Abad-Santos bilang kandidato sa pagka Presidente at ni Pilar J. Aglipay, balo ni Obispo Gregorio Aglipay, bilang Bise-Presidente. (Hoeksema:221)

Sa paggamit ng lenteng makauri at makababae, lilitaw na ang kababaihang anak-pawis ay tagapaglikha ng kasaysayan. Sa paggigiit sa kanilang makauring kahilingan at interes, pinasinungalingan ng tindera ng Divisoria noong 1906 at ng mga manggagawang kababaihan noong 1934 na pasibo't kimi ang kababaihan. Lumilitaw din ang mga lider-kababaihan tulad ni Narcisa Paguibitan na ang militansya't determinasyon ay hindi matatawaran.

Mga Batis:

Mga Pahayagan at Magasin:

The Tribune:

1934: August 17, 18, 19, 21, 22, 23, 24, 26, 28, 31
September 4, 5, 8, 11, 12, 13, 16, 26

The Herald:

1934: August 22
September 1, 3, 6, 10, 12, 14, 18, 19, 20, 21, 25, 26, 27
October 1
1941: November 13

Philippine Free Press:

1934: August 25
September 8, 22
October 6

Graphic:

1934: September 20

1935: September 22

Muling Pagsilang:

1906: Agosto 7, 18, 21, 22, 27, 28

Disyembre 11, 21, 22

Mga Aklat:

Baguisa, Pedro P. Communism in the Philippines: The PKP, Book 1. Historical Commission, Partido Komunista ng Pilipinas: Metro Manila Philippines, August 1996.

Doeppers, Daniel F. Manila 1900-1941. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1984.

Hoeksema, Renze L. Communism in the Philippines: A Historical and Analytical Study of Communism and the Communist Party in the Philippines and its Relations to Communist Movements Abroad. Ph.D. Thesis, Harvard University, 1956.

Kerkvliet, Melinda Tria. Manila Workers' Unions, 1900-1950. Quezon City: New Day Publishers, 1992.

Mga Personal na Tala:

Placido Paguibitan. "Synopsis", walang petsa; mga bandang 1980s.